（タガログ語）

2023 April
Yokkaichi City Children's Health and Welfare Dept.

Sa mga mag-aaral at mga magulang

中学３年生ピロリ菌検査のお知らせ

PAALALA TUNGKOL SA HELICOBACTER PYLORI TEST PARA SA MGA MAG-AARAL NG 3RD YEAR JUNIOR HIGH SCHOOL

Sa Yokkaichi City, simula sa taong 2021, ay magsasagawa na ng medical test para malaman kung may Helicobacter pylori na pangunahing sanhi ng stomach ulcer, duodenal ulcer, stomach cancer at iba pa.

Ang pamamahala ng proyektong ito ay ipagkakatiwala sa Yokkaichi Doctor's Association at Yokkaichi Pharmacist Association, ang paghingi ng payo at pagsasagawa ng mga hakbang ay isasagawa sa pagamutang itatalaga ng Yokkaichi Doctor's Assoc.

～ **Helicobacter Pylori** ～

Ang Helicobacter pylori ay impeksiyong nakukuha bago mag-5 taong gulang at nabubuhay sa loob ng tiyan.
Wala itong sintomas at patuloy lamang ang pagkalat na maaaring maging sanhi ng mga delikadong sakit tulad ng atrophic gastritis (ang mucous membrane ng tiyan ay numinipis), stomach at duodenal ulcer at stomach cancer.
Mayroong paraan upang maalis ang Helicobacter pylori at maiwasan ang pagkakasakit.
Sinasabing mahalaga daw na maalis ito habang bata pa upang makaiwas sa sakit lalo na ng stomach cancer.

１． Helicobacter Pylori Test

Susuriin kung infected ng Helicobacter pylori ***sa pamamagitan ng pagsusuri ng ihi o Urine Test na isinasagawa sa paaralan***.

２． Maaaring kumuha ng test

Mga mag-aaral ng 3rd Year Junior High school na naka-enroll o nakatira sa Yokkaichi City na nais kumuha ng Helicobacter pylori test.

３． Application para makakuha ng Helicobacter Pylori Test

Sa kasama nitong 『ピロリ菌検査申込書 (Helicobacter Pylori Test Application Form)』, isulat ang hinihinging impormasyon na nasa loob ng makapal na frame at bilugan kung 「希望する (Nais)」o 「希望しない (Hindi nais)」 kumuha ng Helicobacter Pylori Test, ilagay sa return envelope at ipasa sa paaralan bago ang deadline ng pasahan.
（Kung nais magpasuri, siguruhing ipasa ang application form.）

※Ipapadala ang resulta ng medical test sa isinulat ninyong 「Pangalan ng magulang 」 at「Address」 sa application form. Huwag kalimutang isulat ang house number o room number upang siguradong matanggap ang postal item na ito.

Pakibasa rin ang likod na pahina.

４． Proseso ng Medical Test at Gagastusin

① **Helicobacter Pylori Test【School Urine Test：Libre】**

Hindi matukoy・Positive

Negative → Tapos na. Walang Helicobacter Pylori infection.

② **Ikalawang test**

Magpapatingin sa pagamutan, pakinggan ang paliwanag, kunin ang Stool Test Kit para masuri ang dumi.【Libre】

Positive

Negative → Tapos na. Walang Helicobacter Pylori infection.

Magpapatingin sa pagamutan, pakinggan ang paliwanag tungkol sa resulta【Libre】

③ **Medical treatment para mawala ang bacteria**
(Pag-inom ng gamot)：
15 taong gulang pataas (kung nais)
(Sariling-bayad)【8,000～10,000 円】

④**Hanggang March 31, 2025**
Pagkatapos inumin ang mga gamot, ite-test uli ang dumi makalipas ang 8 linggo.

Proseso	Lugar kung saan isasagawa	Gagastusin (Expiration date)
① Urine Test (Ihi)	Isasagawa sa urine test sa school	**Libre**
② Ikalawang test （Stool Test o Dumi）	Magpapakonsulta sa itinalagang pagamutan sa loob ng Yokkaichi City o Mie Gun	**Libre** (Hanggang March 31, 2024)
③ **Medical treatment para mawala ang bacteria (Pag-inom ng gamot)** ※15 taong gulang pataas		**Ito ay sariling-bayad. (Hindi magagamit ang insurance o *hoken*)** Ang gagastusin ay nasa 8, 000～10, 000 円 (Kasama na ang babayaran sa pagamutan at pharmacy)
④Pagkatapos inumin ang mga gamot, ite-test uli ang dumi makalipas ang 8 linggo.		**Libre** Hanggang March 31, 2025

５． Fact-finding Survey

Ang makokolektang data ng Yokkaichi City at Yokkaichi Doctor's Association sa serbisyong ito ay hindi papangalanan (pamamahalaan ayon sa Personal Information Security Law), kokolektahin ang resulta ng serbisyong ito at ng aktuwal na kondisyon ng Helicobacter Pylori infection upang mapabuti ang kalusugan ng mga mamamayan sa lungsod at magamit sa mga susunod na serbisyong pang-medisina ng komunidad. Hinihiling po naming ang inyong kooperasyon.

Para sa katanungan tungkol sa Helicobacter Pylori Test ng 3rd Year Junior HS・・・

四日市市役所（よっかいちしやくしょ） こども未来部（みらいぶ） こども保健福祉課（ほけんふくしか）
Yokkaichi City Children's Health and Welfare Dept.
Tel ０５９－３５４－８１８７